



# Panahon ng paghihintay (waiting periods) para sa mga bagong dating na mga residente

Kung bagong dating ka pa lang sa Australya, kadalasang kailangan mong maghintay ng ilang panahon bago mo makuha ang karamihan ng aming mga kabayaranang suporta sa kita at karamihan ng mga kabayaran sa pamilya.

## Panahon ng paghihintay

Ang panahon ng paghihintay ay para rin sa iyo kahit na mayroon ka pang kapamilya na nakatira dito. Ang panahon ng paghihintay na ito ay magsasaalang ng anumang panahon na inilagi mo sa Australya bilang residente na may permanenteng visa. Sa panahon ng paghihintay na ito, maaari kang magrehistro sa jobactive o sa Community Development Programme upang makatulong sa paghahanap ng trabaho. Maaari mo ring gamitin ang pansariling tulong na mga pasilidad sa pagtatrabaho na makukuha sa aming mga sentro ng serbisyo.

## Mga hindi kasali (exemptions) sa panahon ng paghihintay

Ang Newly Arrived Resident's Waiting Period ay hindi laging inilalapat. Halimbawa, kung ikaw ay dumating bilang isang refugee sa ilalim ng Humanitarian Programme ng Australya.

## Para sa karagdagang impormasyon

- pumunta sa [humanservices.gov.au/newresidentswaiting](https://humanservices.gov.au/newresidentswaiting) para sa karagdagang impormasyon sa Ingles
- pumunta sa [humanservices.gov.au/yourlanguage](https://humanservices.gov.au/yourlanguage) kung saan maaari kang magbasa, makinig o manood ng impormasyon sa iyong wika
- tumawag sa **131 202** para makausap kami tungkol sa mga kabayaran at mga serbisyo ng Centrelink sa iyong wika
- tawagan ang Translating and Interpreting Service (TIS National) sa **131 450** para makausap kami tungkol sa mga kabayaran at mga serbisyo ng Medicare at Child Support sa iyong wika
- bisitahin ang sentro ng serbisyo.

**Tandaan:** ahat ng tawag mula sa telepono ng iyong bahay para sa mga numerong '13' saanman sa Australya ay sisingilin ng iisang halaga. Ang halagang ito ay maaaring iba ang presyo sa lokal na tawag at maaaring iba-iba rin sa mga provider o tagabigay ng serbisyo sa telepono. Ang mga tawag sa mga numerong '1800' mula sa telepono ng iyong bahay ay walang bayad. Ang mga tawag mula sa mga teleponong pampubliko at mobile ay maaaring orasan at singilan ng mas mataas na halaga.

## Pagtatatwa

Ang impormasyong nakasaad sa lathalaing ito ay naglalayon lamang na magsilbing gabay sa mga kabayaran at mga serbisyo. Tungkulin mong magpasya kung nais mong mag-aplay para sa kabayaran at gumawa ng aplikasyon para sa iyong partikular na mga kalagayan.





# Waiting periods for newly arrived residents

If you recently arrived in Australia, you will generally have to wait some time before you can get most of our income support payments and most family payments.

## Waiting period

A waiting period will apply to you even if you have a family member living here. This waiting period will consider any time you have spent in Australia as a resident with a permanent visa. During this waiting period, you can register with jobactive or the Community Development Programme to help find work. You can also use the employment self-help facilities available in our service centres.

## Exemptions to the waiting period

The Newly Arrived Resident's Waiting Period may not always apply. For example, if you arrive as a refugee under Australia's Humanitarian Programme.

## For more information

- go to [humanservices.gov.au/newresidentswaiting](https://humanservices.gov.au/newresidentswaiting) for more information in English
- go to [humanservices.gov.au/yourlanguage](https://humanservices.gov.au/yourlanguage) where you can read, listen to or watch information in your language
- call **131 202** to speak with us in your language about Centrelink payments and services
- call the Translating and Interpreting Service (TIS National) on **131 450** to speak with us in your language about Medicare and Child Support payments and services
- visit a service centre.

**Note:** calls from your home phone to '13' numbers from anywhere in Australia are charged at a fixed rate. That rate may vary from the price of a local call and may also vary between telephone service providers. Calls to '1800' numbers from your home phone are free. Calls from public and mobile phones may be timed and charged at a higher rate.

## Disclaimer

The information contained in this publication is intended only as a guide to payments and services. It is your responsibility to decide if you wish to apply for a payment and to make an application with regard to your particular circumstances.

